**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 7, 101-109




# Mula tao patungong aswang: Ang paglalakbay ng pangkatauhang transpormasyon sa pelikulang “Corazon: Ang unang aswang”

Catipay, Trina Marie A. ✉
*Cebu Normal University, Philippines (catipayt@cnu.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

**Received**: 31 January 2026 **Revised**: 20 February 2026 **Accepted**: 5 March 2026
**Available Online**: 9 March 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26823

OPEN ACCESS

## *Abstract*

Ang paniniwala sa mga aswang ay bahagi ng malalim na tradisyong oral ng mga Pilipino na naipasa mula sa iba’t ibang henerasyon. Ito ay nagkaroon ng malaking impluwensiya sa kultura at moral na paghubog ng mga Pilipino lalong lalo na ang mga bata, gayundin sa malikhaing pagpapahayag sa panitikan at pelikula. Bagaman maraming pag-aaral ang tumalakay sa mitolohiyang Pilipino at ang epekto nito sa paniniwala ng tao, limitado pa rin ang pananaliksik sa sikolohikal na aspekto ng mga karakter na may temang aswang sa pelikula. Ang pag-aaral na ito ay tumuon sa pelikulang Corazon: Ang Unang Aswang ni Richard Somes upang suriin ang pangkatauhang transpormasyon ng pangunahing tauhan at ang kaugnayan nito sa sikolohikal na tunggalian. Ginamit ang kwalitatibong pamamaraan, partikular ang pagsusuri ng nilalaman, upang masusing pag-aralan kung paano ipinakita ng pelikula ang unti-unting pagbabago ng katauhan ng tauhan at ang kaniyang panloob na pagdurusa. Sa pamamagitan ng dulog sikolohikal, natuklasan sa pananaliksik na ang metamorphosis ng tauhan ay hindi lamang simpleng pagpapalit ng anyo kundi isang masalimuot na proseso ng emosyonal at mental na pagbabago. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong palawakin ang kaalaman sa panitikang pampelikula at maunawaan ang mas malalim na kahulugan ng tauhan sa konteksto ng panlipunan at sikolohikal na reyalidad.

***Keywords:*** aswang, pelikula, Corazon: Ang Unang Aswang, sikolohikal

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Mula tao patungong aswang: Ang paglalakbay ng pangkatauhang transpormasyon sa pelikulang "Corazon: Ang unang aswang"

## 1. Introduksyon

Ang mga Pilipino ay isa sa mga tao sa buong mundo na likas na may maraming pinaniniwalaan na hindi matutumbasan ng kahit na ano pang mga paniniwala sa buong mundo. Ang mga oral na tradisyong ito ay ang humuhubog sa katauhan at katangiang moral ng isang bata. Ang mga ito ang siyang nagsisilbing tulay upang maipasa at maitago ang mga tradisyong ito hanggang sa susunod pa na mga henerasyon. Isa sa mga paniniwala ng mga Pilipino ay ang mga tao na hindi nakikita hgunit nakatira dito sa mundong ibabaw. Naniniwala rin ang mga Pilipino sa mga taong makapangyarihan at mga taong kumakain ng isang buhay na nagmumula lamang sa mga tinatawag na mga kwentong-bayan. Sa kadahilanang ito, dito pumasok ang paniniwala sa mga aswang.

Ang mga aswang ay sumusimbulo sa kasamaan. Ito ay kilala ng mga Pilipino na masamang espiritu na nag-aanyong tao kapag umaga at nagiging isang halimaw na sumisipsip at kumakain ng mga lamang-loob ng mga tao pagdating ng gabi. Sa madaling sabi, sila ay kilala na nagpapalit ng mga anyo. Maaring hayop man o tao. Pinaniniwalaan na kadalasang biktima nila ang matatanda at mga bata. Ayon sa mga paniniwala, namumuhay sila bilang isang normal na tao sa umaga at inilalayo nila ang kanilang sarili sa mga tao sa ng paninirahan sa mga liblib na lugar. Ang paniniwalang ito ay naipasa na sa maraming henerasyon hanggang sa modernong panahon ng teknolohiya at seyensya. Naging panakoot ito sa mga tao lalong lalo na sa mga bata kapag sasapit na ang kadiliman. Naging daan din ito ng mga kuwentuhan at katatakutan ng mga bata upang mapagkunan ito ng mga magagandang aral. Ang pelikula ay isang uri ng dula na kung saan ginagamitan ng mga makabagong teknolohiya katulad ng kamera dahit hindi ito itinatanghal sa entablado, bagkus ito av naka-rekord. Ito rin ay tinatawaa na dulang pampelikula dahil ito ay isang dula nsa pormang pelikula na nakikita sa "screen" ng mga telebisyon lamang. Ito ay isang mukha ng panitikan na ginagamit bilang intrumento sa pagbibigay ng mga mahahalagang aral na sumasalamin din sa lipunan na kinabibilangan.

Sa kabila ng matagal nang paniniwala ng mga Pilipino sa mga aswang at ang malalim na epekto nito sa kulturang bayan, kaunti lamang ang mga pag-aaral na tumutuon sa sikolohikal na aspeto ng kanilang representasyon sa modernong pelikula. Bagaman maraming pananaliksik ang tumalakay sa mitolohiyang Pilipino at ang epekto nito sa takot at paniniwala ng mga tao, limitado pa rin ang pagsusuri sa pangkatauhang transpormasyon ng isang tauhan sa isang pelikulang may temang aswang, lalo na sa konteksto ng sikolohikal na tunggalian. Ang pelikulang Corazon: Ang Unang Aswang ay isang halimbawa ng paggamit ng modernong sinema upang ipakita ang metamorphosis ng isang karakter at ang kanyang panloob na tunggalian. Gayunpaman, may kakulangan ng pananaliksik na sumusuri kung paano ito nagpapakita ng sikolohikal na aspekto ng tauhan, partikular sa ugnayan ng pangkatauhang transpormasyon at sikolohikal na tunggalian. Kaya naman, ang pananaliksik na ito ay naglalayong punan ang nasabing kakulangan sa larangan ng panitikang pampelikula at pag-aaral sa sikolohiya ng tauhan. Dahil dito, ang pananaiksik na ito ay naglalayong suriin ang pagkatauhang transpormasyon na nagbibigat dulot sa sikolohiyang tunggalian sa pelikulang "Corazon: Ang Unang Asawang ni Richard Somes".

## 2. Metodolohiya

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng kwalitatibong pamamaraan, partikular ang pagsusuri ng nilalaman (content analysis), bilang bahagi ng isang pagsisiyasat na nakabatay sa dulog sikolohikal na masusuri sa loob ng pelikula. Nilalayon nitong siyasatin ang pangkaatauhang transpormasyon ng mga tauhan na nag-ugat sa mga sikolohikal na tunggaliang inilalarawan sa pelikula. Ang pangunahing batis ng datos sa pag-aaral na ito ay ang pelikulang Corazon: Ang Unang Aswang, na isinulat at direksyon ni Richard Somes, na unang ipinalabas noong 2012. Ang pelikulang ito ay muling nabigyang-pansin sa mga institusyong pang-akademiko at pang-edukasyon

bilang isang mahalagang lunsaran sa pagsusuri ng mitolohiyang Pilipino, relihiyon, at sikolohiya, at bilang repleksiyon ng proseso ng paghubog ng kamalayang sikolohikal ng mga Pilipino. Isinagawa ang masusing transkripsiyon ng pelikula upang magsilbing pangunahing batayan sa analisis at interpretasyon ng mga piling eksena at dayalogo. Gayundin, humingi at tumanggap ang mananaliksik ng pahintulot mula sa direktor at manunulat na si Richard Somes para sa paggamit ng pelikula bilang akademikong sanggunian sa pagpapalawak ng kaalaman sa panitikan, pelikula, at kulturang Pilipino.

## 3. Resulta at Pagtalakay

### *3.1 Ang Katauhang Transpomasyon*

Sa pagtuturo ng kahit na anumang akdang pampanitikan, maging ito man ay tula, maikling kuwento, sanaysay, dula, o pelikula, ay hindi mabubuo nang walang mga pangunahing tauhan (Medina, T. J. K., & Del Mundo Jr, C. A., 2014). Isa sa pangunahing layunin ng isang manunulat ay bigyang-buhay at paggalawin ang mga tauhan sa kanilang mga likha (Porlas, A. A., 2024). Sa pelikula, ang pangkatauhang transpormasyon ng isang tauhan ay may mahalagang papel sa pagbuo ng kwento at sa paghubog ng emosyonal at sikolohikal na tunggalian. Ang mga pagbabagong ito ay madalas inaabangan at sinusuri upang maunawaan kung paano nito naaapektuhan ang kabuuang naratibo at ang pag-unlad ng tauhan. Kaugnay nito, mahalagang pag-aralan kung paano inilalarawan ng pelikula ang pangkatauhang transpormasyon at ang kaugnayan nito sa sikolohikal na tunggalian, tulad ng makikita sa Corazon: Ang Unang Aswang.

**Talahanayan 1**
*Ang Pangkatauhang Transpormasyon ni Corazon*

| Panimulang Katauhan ni Corazon | *Pagbabagong Katauhan ni Corazon* |
|---|---|
| Matatag na babae na may pananalig sa Panginoon | Kawalan ng katatagan at paniniwala |
| Matakutin sa Diyos | Pagkawala ng takot sa Diyos |
| Mapagparaya sa mga mapanghusga | Marahas |
| Mapagpatawad | Mapaghiganti |

Ang pagkakaroon ng isang anak ay isa sa mga bagay na hindi maikakalilang kinakailangan upang matawag na buo ang isang pamilya. Ang pag-asa na magkakaroon ng isang anak ay isang ugali na ikinakaiba ng mga Pilipino sa iba pang mga kanluraning tao.

#### *3.1.1 Panimulang Katauhan ni Corazon*

Si Corazon (na binigyan buhay ni Erich Gonzales) ay ang pangunahing tauhan sa pelikula na puno ng pag-asa ang kaniyang puso na kahit maglilimang taon na siyang kasal sa kaniyang asawa na si Daniel (na binigyan buhaty ni Derick Ramset) ay hindi pa rin sila biniyayayaan ng Puong Maykapal. Sa isang hindi inaasahang pagkakataon, pumanaw ang ama ni Corazon—isa sa pinakamahalagang tao sa kaniyang buhay—na may matinding hangaring masilayan ang kaniyang apo – na nagpadagdag ng "pressure" mula sa lipunang kaniyang kinabibilangan na sanhi sa kaniyang determinasyon.

Sa kabila ng matinding dalamhati, naging mas matatag si Corazon sa kaniyang hangaring magkaanak. Pinanghawakan niya ang kaniyang pananampalataya at patuloy na nanalangin, umaasa sa kaganapan ng mga plano ng Panginoon para sa kaniya. Dito ipinapakita na ang kagustuhan ng isang tao na manganak ay hindi lamang sa internal na kagustuhan bagkus pati na rin sa eksternal na kaguistuhan ng ibang tao. Sa kulturang Pilipino, ang kakayahang magkaanak ay madalas na nagiging batayan ng pagiging ganap na babae (Torralba, J. E. C. ,2010). Itinuturing itong sukatan ng tagumpay ng isang maybahay, na nagdidikta sa tingin ng lipunan kung siya ay isang mabuting asawa o hindi. Sa nasabing pelikula, malinaw na ipinakita kung paano itinuturing si Corazon bilang isang "bigong" maybahay dahil sa kanyang kawalan ng anak.

Tulad ng maraming kababaihan na nakararanas ng katulad na hamon, dumaan ang mga ito sa mahaba at masalimuot na proseso upang maibigay ang inaasahan sa kanya ng lipunan (Camba, A., & ng Pilipinas, P.

U.,2015). Katulad niya, maraming kababaihan ang lumalapit sa mga doktor, nagpapagamot sa mga tradisyunal na manggagamot, o nagdarasal nang taimtim at nagiging deboto upang mapakinggan ang kanilang mga panalangin. Ipinapakita nito kung paano ang pagkakaroon ng anak ay hindi lamang isang personal na hangarin kundi isang panlipunang tungkulin na nagpapataw ng matinding emosyonal at sikolohikal na epekto sa mga kababaihan na makikita pa rin hanggang sa kasalukuyan.

Karaniwan nang makikita sa Pilipinas na ang mga kababaihang deboto na dumudulog sa simbahan (Javier Jr, R. E.,2017) at taimtim na nananalangin upang magkaroon ng anak. Kapag nagdalang-tao na, muling mag-aalay ng panata ang mga ina upang maging ligtas ang kanilang pagbubuntis at panganganak. Matapos maisilang ang sanggol, hindi pa rin natatapos ang kanilang debosyon—patuloy silang nananalangin upang maprotektahan ang kanilang anak mula sa anumang kapahamakan habang ito'y lumalaki. Ang ganitong kaugalian ay malalim na nakaugat sa kulturang Pilipino, sumasalamin sa matibay na pananampalataya ng mga kababaihan at sa kanilang paniniwalang ang pananalig sa Diyos ay makatutulong sa pagdadala ng isang bagong buhay sa mundo.

Sa kabila ng matinding panlipunang "pressure" na nararanasan ng maraming mga babae, nanatili pa rin itong mapagparaya at mapagpatawad. Tulad ng maraming kababaihang Pilipino, kilala si Corazon sa pagiging matiisin at mapagparaya sa kabila ng panghuhusga sa kanyang kakayahang maging isang ina. Ang kakayahan ng isang babae na magpatawad ay hindi lamang nagpapakita ng kanyang lakas at pag-unawa, kundi pati na rin ng kanyang dedikasyon sa pagpapanatili ng mga mahalagang relasyon sa kanyang buhay. Gayunpaman, mahalaga ring tandaan na ang pagpapatawad ay isang personal na desisyon at dapat isaalang-alang ang kapakanan ng sarili at ang kalusugan ng relasyon (Valledor-Lukey, V. V. ,2012) (Maturan, P. L., Bonifacio, M. A., & Lubuguin, R. A., 2020). Bagaman hindi maikakailang may epekto ito sa kanyang emosyonal at mental na kalagayan, patuloy siyang nagpakita ng tibay ng loob at pananampalataya.

#### *3.1.2 Pagbabagong Katauhan ni Corazon*

Ang paglampas sa pagsubok sa kaniyang debosyon na sinasabi ni Corazon ang nagbigay sa kaniya ng kongklusyon na tutuparin ng Panginoon ang kaniyang tanging daing. Naniniwala at umaasa si Corazon na ibibigay ng Panginoon ang kaniyang hiling ngunit sa kasamaang palad hindi nagbunga ang lahat ng kaniyang mga sakripisyo.Ipinapakita ng pelikula na kapag ang isang tao ay umasa nang labis sa relihiyon bilang solusyon sa kanyang problema, maaaring magkaroon ng krisis sa pananampalataya kapag hindi natupad ang mga panalangin nito. Ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangang balansehin ang pananampalataya at pagharap sa reyalidad. Ipinapakita ng pelikula ang malalim na epekto ng relihiyosong debosyon sa mental at emosyonal na kalagayan ng isang indibidwal – lalong lalo na ng mga kababaihan. Sa madaling sabi, ang kultura ng pananampalataya, kaakibat ng matinding panlipunang "pressure", ay may malaking papel sa nararanasang pagdurusa ng mga kababaihang nakararanas ng kabiguan sa kanilang mithiin—partikular sa pagbuo ng isang masaya at kompletong pamilya. Ang kwento ni Corazon ay sumasalamin sa reyalidad ng maraming kababaihan na dumaranas ng panghuhusga at hindi pagkakaunawa mula sa lipunan na dapat sana ay kanilang sandigan.

Sa isang banda, ang pagkawala ng isang anak na tanging panalangin ng isang babae ay may matinding emosyonal na epekto sa buhay ng isang ina. Ipinapakita ng pelikula na ang ganitong pangyayari ay maaaring humantong sa depresyon, paranoia, at pagkawala ng tiwala sa iba dahil sa hindi matanggap ang mga pangyayari at patuloy na pagdadalamhati sa mga pangyayari sa kaniyang buhay. Dito, ipinapakita ng pelikula na ang isang babae ay nangangailangan ng mahusay na suporta lalong lalo na ang sitwasyon ng pagkawala katulad ng *grief* at *trauma* mula sa mga pangyayari sa kaniyang buhay.

### *3.2 Ang Epektong Sikolohikal*

Ang pelikula bilang isang sining (Tugano, A. C., 2023) at paglalahad ay hindi lamang nagbibigay-buhay sa mga kuwento kundi naglalarawan din ng malalim na sikolohikal na epekto sa lipunan. Ang pag-unawa sa mga ganitong konsepto ng pagpapahalaga at paglabag sa mga ito ay mahalaga upang masuri kung paano inilalarawan

ng pelikula ang mga sikolohikal na epekto ng mga paglabag na ito sa mga relasyon at sa lipunan sa kabuuan (Yacat, J. A., 2017). Sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga karakter, mga linya, at mga tema ng pelikula, maaaring unawain ang mga kabuluhan at pagbabago sa pananaw ng mga manonood, na naglalarawan ng malawakang impluwensiya nito sa kulturang kinabibilangan.

Pagkatapos masuri ang pelikula, makikita ang anim (5) na epektong pansikolohikal sa pelikulang, "Corazon: Ang Unang Aswang". Ang mga epektong sikolohikal ay ang (1) pangamba; (2) pagkawala ng tiwala; (3) ang paniniwala; (4) takot at pagdududa; at (5) trauma sa digmaan (6) existential crisis at spiritual crisis.

**Talahanayan 2**
*Epektong Pansikolohikal*

| Mga Pahayag | *Epektong Pansikolohikal* |
|---|---|
| Ina ni Nene: Sinira na ng mga dayo 'tong bayan natin. | Pangamba |
| Kapitbahay na babae 3: Kaya dapat lalong hindi tayo magtitiwala sa mga hindi taga-rito dahil gulo lamang ang idudulot niyan. | Pagkawala ng Tiwala |
| Tatay: May paniniwala kasi, noong giyeraw daw. Ginagamit ng mga girelya yong ulo ng baboy-ramo na panakot sa mga hapon. Para ba magmula silang halimaw. | Paniniwala |
| Daniel: Corazon, mag-iingat ka sa kaniya. Ang sabi nila isa raw siya sa unang tao dito sa hacienda. Sumali sila sa kilusan laban sa mga hapon. Ang kuwento kinakain daw nila ang yong patay nilang mga kalaban para makuha yong lakas nila. Isang araw, napatay ang asawa ni Melinda. Siya, nahuli siya. Mahirap 'yong buhay niya pero kung alam mo kung ano ang pinakamasakit? Sabi nila pinatay nila yong anak niya sa harapan niya. Nakatakas si Melinda. Nagtago. Bumalik na lang siya pagkatapos ng giyera. Pagbalik niya ay ganoon na siya. Sabi nga ng mga tao, bumalik siya at naging demonyo. | Takot at Pagdududa |
| Herminia: Kinakain talaga ng mga aso ang patay nilang anak. Marahil. Gusto nila itong ibalik sa kanilang katawan upang buhayin muli. Minsan naman nawawala ang mga ito sa katinuan lalo't 'pag nalaman nilang patay na kay kinakain na lang nila. | Paniniwala |
| Matandang lalaki: Si Melinda ang bunga ng digmaan. Kung totoo man ang lahat ang kuwento tungkol sa kaniya. Di natin malaman ang dahilan. Dahil ginugulo ng giyera ang ating isip at puso. Kaya gumagawa tayo ng halimaw sa ating mga sarili. | Trauma sa Digmaan |
| Corazon: Pinatay ng Diyos nyo ang anak ko. Huwag nyo na akong pakialaman pa. Wala na akong Diyos! | Eksistensyal na Krisis at Espiritwal na Pagkabalisa |

***3.2.1 Pangamba***

Ang digmaan ay may sikolohikal na epekto sa bawat indibidwal katulad na lamang ng panggamba at pag-aalala (Gori, A., Topino, E., & Musetti, A., 2023). Ang pelikula ay itinakda sa panahon ng pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isang yugto kung saan ang Pilipinas ay humaharap sa matinding pagsubok. Sa panahong ito, nananatili ang takot at pangamba sa isipan ng mga tauhan sa kuwento, na baka muling bumalik ang kaguluhan at karahasang kanilang naranasan. Ang digmaan ay nag-iiwan ng malalim na sugat hindi lamang sa pisikal na anyo kundi pati na rin sa kaisipan at damdamin ng mga indibidwal. Sa pelikula, ang barangay Magdalena ay binalot ng matinding pangamba, lalo na tuwing may dumarating na bagong tao sa kanilang komunidad katulad ng pagdala ni Daniel kay Corazon sa kaniyang lugar. Ang dating tiwala ng mga taga-Magdalena ay napalitan ng takot, isang pangambang lumalim pa dahil sa bangungot ng digmaan. Ang anino

ng nakaraan ay patuloy na bumabalot sa kanilang isipan, kaya't ang sinumang bagong salta ay itinuturing nilang banta sa kanilang seguridad. Nakatanim sa kanilang kamalayan ang pangambang maaaring maulit ang madugong sigalot na minsang sumira sa kanilang bayan. Para sa kanila, si Corazon ay isang paalala ng hindi tiyak na hinaharap—isang dayuhang maaaring maghatid ng panibagong trahedya sa kanilang buhay.

### *3.2.2 Pagkawala ng Tiwala*

Ang konsepto ng tiwala ay may malaking epekto sa sikolohikal na estado ng mga indibidwal. Kapag ang tiwala sa isang sistema o institusyon, tulad ng agham o sikolohiya, ay nabawasan, maaaring magdulot ito ng pag-aalinlangan, kawalan ng katiyakan, at pagbawas ng pakikilahok o suporta mula sa publiko. Ang pagkawala ng tiwala ay may direktang epekto sa sikolohikal na kalagayan ng mga tao. Maaaring magdulot ito ng stress, pagkabalisa, at kawalan ng seguridad. Sa kabaligtaran, ang pagkakaroon ng mataas na tiwala ay nagtataguyod ng positibong emosyon, katiyakan, at pakiramdam ng seguridad (Wingen, T., Berkessel, J. B., & Englich, B. ,2020). Mula sa perspektibong sikolohikal, ang kakulangan ng tiwala ay maaaring magdulot ng matinding epekto sa isang indibidwal. Ang patuloy na pagkadama ng pagiging kahina-hinala o hindi tinatanggap ay maaaring humantong sa *stress, anxiety, at social withdrawal*. Ang isang taong paulit-ulit na hindi pinagkakatiwalaan, sa kabila ng kanyang pagsisikap, ay maaaring makaranas ng pagbaba ng kumpiyansa sa sarili at *self-doubt*. Samantala, ang mga taong hirap magbigay ng tiwala ay maaaring makaranas ng emotional detachment, o pag-iwas sa malalalim na relasyon dahil sa takot na masaktan o malinlang.

Ang kakulangan ng tiwala ay maaaring magdulot ng pagkakawatak-watak, takot, at kawalan ng pakiramdam ng seguridad. Kapag ang isang grupo o komunidad ay nababalot ng pag-aalinlangan sa isa't isa, maaaring lumaganap ang negatibong pananaw, diskriminasyon, at pag-iwas sa pakikisalamuha. Dahil dito, nagiging mas mahirap para sa isang indibidwal na mapabilang at maranasan ang suporta ng kanyang kapaligiran, na maaaring humantong sa mas malalim pang sikolohikal na suliranin tulad ng depresyon at isolation. Samakatuwid, ang tiwala ay hindi lamang isang simpleng emosyon o desisyon—ito ay may malalim na sikolohikal na epekto na nakaaapekto sa ating mga relasyon, pag-uugali, at pangkalahatang kalusugang pangkaisipan.

### *3.2.3 Ang Paniniwala*

Makikita ito sa mga pahayag nina Herminia at ng ama ni Corazon sa pelikula, kung saan ipinapakita na ang tiwala ay hindi basta-bastang ibinibigay, lalo na sa mga hindi pa lubos na kilala o mga bagong dating sa isang lugar. Ang paniniwala ay may malakas na epekto sa ating isipan at kilos, lalo na kung ito ay nakaugat sa matagal nang paniniwala o trauma. Ang *belief system* o sistema ng paniniwala ng isang tao ay may kakayahang bumuo o magwasak ng kanyang pagkatao. Ang paniniwala ni Corazon na siya ay isang halimaw ay hindi lamang isang simpleng imahenasyon, kundi isang mekanismo ng kanyang isipan upang bigyang-katwiran ang kanyang paghihiganti. Ang paggamit niya ng ulo ng baboy-ramo bilang maskara ay sumasalamin sa konsepto ng *self-fulfilling prophecy*—kapag ang isang indibidwal ay naniniwala sa isang ideya nang sapat na lalim, maaaring ang kanyang mga kilos at desisyon ay aayon sa paniniwalang iyon, kaya nagkakatotoo ito sa kanyang reyalidad.

Ang takot ng mga tao kay Corazon ay nagpapakita rin ng kolektibong paniniwala sa isang lipunan. Kahit pa ipaliwanag na walang tunay na halimaw, ang paniniwala sa mga nilalang na may anyong hayop at nananakit ay nananatiling buhay sa kamalayan ng tao. Sa ganitong paraan, ang *stigmatization* at *fear conditioning* ay lumilikha ng epekto sa paraan ng pagtrato ng lipunan sa isang tao—lalo na sa mga itinuturing na naiiba o hindi pangkaraniwan. Ang ganitong paniniwala ay maaaring magdulot ng *social alienation* o pagkakahiwalay sa lipunan, kung saan ang isang indibidwal ay hindi lamang nagiging biktima ng panghuhusga kundi maaaring tanggapin na rin niya ang imahe ng sarili na ipinalalagay ng iba sa kanya. Sa madaling sabi, ipinapakita ng kwento ni Corazon na ang paniniwala, lalo na kapag nakaugat sa trauma, takot, o paghihiganti, ay may kapangyarihang baguhin hindi lamang ang ating pananaw sa mundo kundi pati na rin ang ating pagkakakilanlan at pagkilos.

#### *3.2.4 Takot at Pagdududa*

Ang takot at pagdududa ay may malalim na epekto sa sikolohikal na estado ng isang tao at sa kolektibong kamalayan ng isang komunidad. Sa kaso ng mga taga-Magdalena, ang kanilang pangamba ay nagbunga ng mga kwentong nagsasabing si Melinda ay isang demonyo. Ito ay isang malinaw na halimbawa ng psychological projection, isang mekanismo ng pagtatanggol kung saan inililipat ng isang grupo o indibidwal ang kanilang sariling takot, pagkakasala, o trauma sa ibang tao upang bigyang-katwiran ang kanilang mga kilos at paniniwala.

Ang babala ni Daniel kay Corazon na huwag lalapit kay Melinda ay hindi nakabatay sa personal na karanasan kundi sa paniniwala ng buong bayan. Ang simpleng ideya na si Melinda ay maaaring isang halimaw ay naging bahagi ng kolektibong memorya ng mga taga-Magdalena, hanggang sa ito ay naging *isang self-perpetuating belief*—isang paniniwalang patuloy na pinagtitibay ng takot at hindi pinagdududahan kahit walang ebidensya. Dahil dito, naging makapangyarihan ang epekto ng *fear conditioning*, kung saan ang takot ay nagiging gabay sa kanilang pag-iisip at kilos. Ngunit kung titingnan ang nakaraan ni Melinda, siya ay hindi isang halimaw kundi isang biktima ng digmaan. Ang kanyang kasaysayan ay isang manipestasyon ng trauma, na nagdulot sa kanya ng paghahanap sa kanyang anak na nawala noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa ganitong konteksto, ang takot ng mga tao sa kanya ay sumasalamin sa isang mas malalim na collective trauma—isang hindi pa nalulutas na sakit mula sa nakaraan na bumabalik sa anyo ng pangamba at pagdududa.

Ang paniniwala ng mga taga-Magdalena kay Melinda bilang isang halimaw ay isang halimbawa rin ng *groupthink*, kung saan ang mga tao ay sumusunod sa opinyon ng nakararami nang hindi na sinusuri ang katotohanan. Dahil dito, hindi na nila nakikita ang tunay na kalagayan ni Melinda—na siya ay isang ina na naghahanap lamang ng kanyang anak. Sa halip, ang kanilang takot ay nagdikta sa kanilang kilos, pinapalakas ng paniniwala na ang mga dayo o hindi nila lubos na kilala ay maaaring magdulot ng panganib. Ipinapakita ng kwento ni Melinda kung paano ang takot at pagdududa ay maaaring gamitin bilang isang anyo ng kontrol—hindi lamang sa isang indibidwal kundi sa isang buong komunidad. Ang mga paniniwala na walang sapat na batayan ngunit inuukit sa isipan ng marami ay may kakayahang baguhin ang pananaw ng isang lipunan, at sa kasong ito, naging sanhi ito ng diskriminasyon at pag-aalipusta sa isang inosenteng nilalang.

#### *3.2.5 Trauma sa Digmaan*

Ang trauma dulot ng digmaan ay hindi lamang nag-iiwan ng pisikal na pinsala kundi nagkakaroon din ito ng malalim na sikolohikal na epekto sa mga indibidwal at komunidad. Isa sa mga epekto nito ay ang *collective paranoia*—isang kondisyon kung saan ang takot at kawalan ng kapanatagan ay lumilikha ng mga haka-haka, maling paniniwala, at panghuhusga nang walang sapat na batayan. Isinasaad ng matandang lalaki sa kanilang pagpupulong matapos mapatay at mailibing si Melinda na siya ay isang bunga ng digmaan. Ang pahayag na ito ay nagpapakita na ang *war trauma* ay maaaring magdulot ng hindi lamang personal na pagdurusa kundi pati na rin ng *mass hysteria*, kung saan ang isang komunidad ay nagiging biktima ng kanilang sariling takot at maling paniniwala. Ayon sa kanya, ang takot at digmaan ay nagsisimula sa isipan ng tao—isang pahayag na may malalim na sikolohikal na katotohanan. Ang mga taga-Magdalena ay nagkaroon ng *distorted perception of reality*; dahil sa kanilang nakaraan sa gitna ng kaguluhan, naging madali para sa kanila na maghanap ng isang *scapegoat* o pinagbubuntunan ng kanilang takot at trauma. Sa kasong ito, si Melinda ang naging sagisag ng kanilang pinagdadaanan—isang tao na hindi nila lubos na nauunawaan ngunit agad na hinusgahan bilang isang halimaw.

Ang giyera ay hindi lamang isang labanan ng mga armas kundi isang digmaan din sa loob ng isipan ng mga nakaranas nito. Ang trauma ay nag-iiwan ng mga *psychological scars* na maaaring magdulot ng *hypervigilance*—isang estado kung saan ang isang tao o grupo ay palaging naghahanap ng banta, kahit wala naman talaga. Sa ganitong kondisyon, ang ordinaryong bagay ay maaaring magmukhang delikado, at ang isang walang muwang na tao ay maaaring gawing isang halimaw. Makikita ito sa mga taga-Magdalena, kung saan ang kanilang takot ay naging gabay sa kanilang mga kilos. Hindi nila inalam ang buong kwento ni Melinda, ngunit dahil sa kanilang nakaraang karanasan sa digmaan, hinubog sila ng trauma upang maniwala sa kathang-isip na

banta. Ang maling kolektibong paniniwala na ito ang naging dahilan upang husgahan at patayin ang isang inosenteng tao.

Ang ganitong sikolohikal na epekto ay hindi limitado sa isang bayan o isang panahon lamang. Maging sa kasalukuyang lipunan, may mga pagkakataon kung saan ang trauma at takot ay nag-uudyok sa mga tao na gumawa ng mga maling akusasyon, bumuo ng mga haka-haka, at sirain ang reputasyon ng iba. Ipinapakita nito na ang mga halimaw na kinatatakutan natin ay maaaring hindi umiiral sa labas—sila ay maaaring produkto lamang ng ating sariling trauma, takot, at hindi natapos na sugat mula sa nakaraan.

#### *3.2.6 Existential Crisis at Spiritual Crisis*

Ang *existential crisis at spiritual crisis* ay dalawang sikolohikal na epekto na nagmumula sa matinding trahedya, kawalan, o pangyayaring hindi matanggap ng isang indibidwal. Sa kaso ni Corazon, ang pagkamatay ng kanyang anak ay nagdulot ng isang malalim na pagkalugmok sa kanyang pananampalataya at pananaw sa buhay. Ang kanyang matibay na paniniwala sa Diyos—na siyang kanyang pinanghahawakan habang ipinagbubuntis ang anak—ay biglang gumuho nang mawala ang sanggol na pinangarap at ipinanalangin niya. Ang pagkawala ng kanyang anak ay hindi lamang isang emosyonal na sugat kundi isang pagkawasak ng kanyang personal na kahulugan sa buhay. Ito ang nagtulak sa kanya sa isang existential crisis, kung saan nagsimula siyang magtanong kung may kabuluhan pa ba ang lahat ng kanyang paniniwala at paghihirap. Sa kanyang pananaw, tila pinaglalaruan lamang siya ng Diyos—isang madalas na tugon ng tao sa gitna ng matinding kawalan. Ito ay isang manipestasyon ng existential despair, isang damdamin ng kawalang-katiyakan kung may halaga pa ang buhay kung ang lahat ng inaasam ay nauuwi lamang sa sakit at trahedya.

Bukod sa *existential crisis*, naranasan din ni Corazon ang isang *spiritual crisis*, kung saan nagkaroon siya ng matinding pagdududa sa Diyos at sa kanyang pananampalataya. Sa ganitong krisis, ang isang indibidwal ay maaaring makaramdam ng galit sa Diyos, pagkawala ng tiwala sa relihiyon, at isang pakiramdam ng pagiging inabandona ng isang mas mataas na kapangyarihan. Sa kanyang kaso, ang kanyang dating debosyonal na pananampalataya ay napalitan ng galit at pagsisisi, dahil naniniwala siyang hindi siya pinakinggan at ang kanyang dasal ay binalewala. Ang kanyang kwento ay sumasalamin sa isang unibersal na karanasan—ang pagkadismaya ng tao kapag hindi natutupad ang kanilang inaasahan mula sa isang mas mataas na puwersa. Maraming tao ang nagkakaroon ng parehong karanasan kapag dumadaan sa matinding pagsubok; may mga bumabalik sa kanilang pananampalataya nang mas matibay, ngunit may iba rin na tuluyang nawawalan ng paniniwala. Sa ganitong mga pagkakataon, nagiging sukatan ang pananampalataya—kung mananatili ito o kung magbabago ang pagtingin ng isang tao sa Diyos, sa buhay, at sa kanyang sariling layunin.

Sa huling bahagi ng pelikula, ang naratibo ni Renaldo tungkol sa pagkawala nina Corazon at Daniel ay nagpapakita ng hindi natatapos na epekto ng trauma sa komunidad. Sa kabila ng hindi nila alam kung buhay pa ang mag-asawa o hindi, ang takot sa hindi maipaliwanag ay nananatili sa kanilang isipan. Kapag may naririnig silang ingay o gumagalaw sa dilim, bumabalik ang takot—isang simbolismo ng hindi natatapos na siklo ng pag-aalinlangan at pangamba na dulot ng trauma at paniniwala sa isang bagay na hindi nila ganap na nauunawaan. Ipinapakita ng pelikula na ang existential at spiritual crisis ay bahagi ng malalim na sikolohikal na epekto ng trahedya at trauma na dulot na rin ng digmaan. Ang pagkawala at pagdurusa ay may kakayahang baguhin ang pananaw ng tao sa buhay at sa relihiyon, at ang paraan ng kanilang pagtugon sa mga krisis na ito ay maaaring magtakda ng kanilang landas—kung sila ba ay babangon, magbabago, o tuluyang mawawalan ng direksyon sa kanilang buhay.

## 4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Ang metamorphosis ng tauhan ay hindi lamang simpleng pagpapalit ng anyo kundi isang masalimuot na proseso ng emosyonal at mental na pagbabago sa pelikulang Corazon: Ang Unang Aswang. Kaya inirerekomenda na ipatingin sa mga mag-aaral ang pelikula at ipapalarawan ang iba't ibang katauhang transpormasyon ng iba pang mga tauhan sa pelikula at ipasuri ang epektong panlipunan nito.

## 5. Sanggunian


Camba, A., & Pamantasan ng Pilipinas. (2015). Desaparesidos: Ang pagtalunton ni Lualhati Bautista sa bakas ng mga rebolusyonaryong ina. *Pilipinolohiya, 1*, 102–118.

Gori, A., Topino, E., & Musetti, A. (2023). The relationship among anxiety, worry, perceived stress, defense mechanisms, and high levels of post-traumatic stress symptoms: A discriminant analytic approach. *Journal of Personalized Medicine, 13*(2), 237.

Javier, R. E., Jr. (2017). Ang tao sa ka-taw-an at sa ka-tau-han: Pag-uugnay sa pagpapakatao, pakikipagkapuwa-tao, at pagkatao [The person in the human body: Being human, becoming a human person]. *Malay, 30*, 70–85.

Maturan, P. L., Bonifacio, M. A., & Lubuguin, R. A. (2020). Maginoo kahit pa niloko? Pagbibigay-kahulugan ng mga lalaki sa pangangaliwa ng kanilang karelasyon. *Diliman Gender Review, 3*, 52–80.

Medina, T. J. K., & Del Mundo, C. A., Jr. (2014). *Mito (dulang pampelikula).*

Porlas, A. A. (2024). Guniguni, damdamin, at simbolismo sa mga piling tula ni Jose Corazon de Jesus: Disenyo ng aralin. *UB Advancing Filipino Research Journal, 2*(1), 66–81.

Torralba, J. E. C. (2010). Ang mga lalaki ni Mabanglo o ang depinisyon at redefinisyon ng makatang babae sa lalaki. *Malay, 22*(2).

Tugano, A. C. (2023). *Mga pangako ng puso, mga sakripisyo ng kamay: Imahen ng Estados Unidos bilang kanlungang Pilipino batay sa mga piling pelikula ni Olivia Lamasan.*

Valledor-Lukey, V. V. (2012). *Pagkababae at pagkalalake (Femininity and masculinity): Developing a Filipino gender trait inventory and predicting self-esteem and sexism.* Unpublished doctoral dissertation, Syracuse University.

Wingen, T., Berkessel, J. B., & Englich, B. (2020). No replication, no trust? How low replicability influences trust in psychology. *Social Psychological and Personality Science, 11*(4), 454–463.

Yacat, J. A. (2017). Walang pakisama o walang kapwa-tao?: Isang sikolohikal na pagsusuri sa tindi ng paglabag at ugnayan sa relasyong panlipunan. *DIWA E-Journal, 5*, 1–22.